

Kailan dapat pumunta ng ospital kung ikaw ay nanganganak na

When to Come to Hospital in Labour



Filipino

July 2022

Maaaring makipag-ugnayan sa Birthing Service o sa iyong komadrona bago umalis ng bahay. Kinakailangang sumagot sa mga katanungan ng komadrona upang malaman ang mga susunod na hakbang.

Kung ito ang iyong unang anak

Maari lamang na pumunta sa ospital kapag ikaw ay malapit ng manganak(37 weeks or more).

- Kung ikaw ay nakakaranas ng patuloy na labis na paghilab sa loob ng isang minuto simula una hanggang huli. Ang tuloy-tuloy na pagtigas ng tiyan ay inaasahang magaganap sa loob ng isang oras. Karamihan sa mga kababaihan, nakakaranas ng paghilab ng tiyan tuwing ng ikatlo hanggang ikalimang minuto.

O KAYA

- Kung pumutok na ang iyong panubigan, Ikaw ay makakaramdam ng biglaang pag-daloy ng tubig. Kaya, kinakailangan gumamit ng sanitary pad. Pagdating sa ospital, susuriin ng iyong komadrona ang kulay at amoy nito.

O KAYA

- Kung ikaw ay nakakaranas ng pagdurugo.

Kung ito ang iyong unang anak at wala kapang tatlumpu't pitong linggong nagdadalang tao, at naranasan mo ang mga sintomas na ito: paghilab ng tiyan, pagputok ng panubigan at pagdurugo, kinakailangang kang makipag-ugnayan sa ospital.

Kung ikaw ay may karanasan na sa panganganak

Sundin lamang ang mga sumusunod na nabanggit sa itaas maliban kung ikaw ay nakakaranas na malimit na contraction sa pagitan ng lima hanggang pitong minuto.

Paano kung ako'y nangangailangan ng gabay sa pagsasalita ng Ingles?

May mga propesyonal na interpreter na makakatulong kapag ikaw ay hirap sa pag-intindi- o pag-salita ng Ingles. Nararapat lamang na ikaw ay may kaagapay na miyembro ng pamilya o kaibigan. Ngunit ang lahat ng komunikasyon tungkol sa iyong kalusugan ay dapat na nanggaling lamang sa isang propesyonal na interpreter. **Ang kanilang serbisyo at libre at kumpidensyal.**

Ikaw ay may karapatang humiling ng interpreter, kapag walang na-ipresenta sa iyo. Ang mga kawani ng ospital ang magririserba ng interpreter para sa iyo.

Kung nangangailangan ka ng isang interpreter upang makipag-ugnayan sa amin, mangyaring tumawag sa Telephone Interpreter Service (TIS) sa 131 450.

Local Contact (Lokal na Kontak)

Person's name (Pangalan):

Contact number (Telepono):
